
# Ano ang Hindi Kayang Gawin ng Bagong Coronavirus



## Pag-asa sa Panginoong Jesus sa Panahon ng Pandemic

# ANO ANG HINDI KAYANG GAWIN NG BAGONG CORONAVIRUS?

*Ano ang Hindi Kayang Gawin ng Bagong Coronavirus?*
© Debbie Fetter 2020

Ang lahat ng Scripture quotations sa Lumang Tipan ay kinuha sa Ang Biblia, 2001 (ABTA2001). Ang lahat ng Scripture quotations sa Bagong Tipan ay kinuha sa Ang Salita ng Diyos (SND).

Duluth Bible Church
201 W. Saint Andrews St.
Duluth, MN 55803
U.S.A.
(218) 724-5914

# ANO ANG HINDI KAYANG GAWIN NG BAGONG CORONAVIRUS?

Nasa gitna ng isang *pandemic* ang mundo natin ngayon. Ang nakamamatay na uri ng coronavirus na kilala bilang COVID-19 ay sinalakay ang ating mundo. Sa ngayon, milyon-milyong tao na ang nahawaan nito. Hindi ito kayang gamutin ng makabagong medisina. Wala pang gamot o bakuna sa ngayon upang malabanan ang nakamamatay na virus. Maiiwasan lamang natin ang virus sa pamamagitan ng pananatili sa bahay, pagsunod sa *social distancing*, at pag-*quarantine* sa mga taong nahawaan na. Ngunit libo-libo pa rin ang namamatay at hindi pa rin umaayos ang sitwasyon. Napakadali para sa mga tao na makaramdam ng panghihina dahil hindi sila sigurado sa mangyayari sa hinaharap. Ang kawalan ng katiyakan, pag-asa, kagalakan, kapayapaan, at pananampalataya sa Diyos ang dahilan kung bakit napakaraming tao ang labis na nag-aalala sa panahong ito ng kahirapan at pagsubok. Paano natin haharapin ang ating mga emosyon sa panahong ito ng *pandemic*? Ang pinakamabisang gamot ay ang pagtuon ng ating pansin sa Salita ng Diyos at *hindi* sa kung ano ang ginagawa ng COVID-19. Ang Salita ng Diyos ay palaging sapat para sa bawat sitwasyon na maaari nating harapin. Sa pamamagitan ng pagtingin sa ating sitwasyon sa pananaw ng Diyos, maaari tayong magkaroon ng pag-asa at kalakasan. Mas mabuting mag-ipon ng katotohanan ng Diyos sa iyong puso kaysa mag-alala. Maaari ba talaga nating pagkatiwalaan ang Diyos sa panahong ito? Oo, at iyan ang dalangin ko para sa iyo. Nais kong magbahagi sa iyo ng ilang maaasahang katotohanan mula sa Salita ng Diyos upang bigyang diin kung ano ang hindi kayang gawin ng COVID-19 at kung ano ang magagawa ng Diyos para sa iyo sa panahong ito ng kabalisaan at kahirapan.

# HINDI KAYANG GALAWIN NG CORONAVIRUS ANG IYONG KALULUWA

Ang pinakamahalagang bahagi ng tao ay ang kanyang kaluluwa. Kahit ang kahirapan at kapighatian ay bahagi na ng buhay ng tao, ang COVID-19 ay hindi kayang galawin ang kaluluwa mo. Patungkol sa bago at nakamamatay na virus na ito, kailangan mong malaman na *hindi* itinuturo ng Biblia na lahat ng sakit ay resulta ng ating mga kasalanan. Nang makaharap ng mga disipulo ni Jesus ang isang lalaking ipinanganak na bulag, sila ay nagtanong, "Guro, sino ang nagkasala na ang lalaking ito ay ipanganak na bulag? Siya ba o ang kanyang mga magulang? Sumagot si Jesus: Hindi ang lalaking ito o ang kanyang mga magulang ang nagkasala" (Juan 9:2-3a).

Ang pagkatakot sa nakamamatay na virus ay nagdudulot ng pag-aalala at nakakabalisang mga tanong sa iyong isipan, tulad ng "Kung magkakaroon ako ng coronavirus, ibig bang sabihin nito na may nagawa akong kasalanan kaya dapat lang na mahawaan ako nito?" o "Ito ba ay parusa ng Diyos sa akin at sa iba?" o "Ano ang mangyayari sa akin kung ako ay mamatay dahil sa virus?" Nauunawaan ko ang mga takot na ito. Pero, sinabi sa atin ng Biblia na ang mga tao ay hindi ipinanganak ng walang sala, kundi, tayo ay ipinanganak na hindi perpekto at may espiritwal na dungis at kamalian. Ang mga bata ay madalas sumigaw ng "Ayoko!" kapag pinagsasabihan ng kanilang mga magulang at ito'y pagpapatunay na kahit ang mga bata ay ipinanganak na may espiritu ng pagrerebelde. Dahil alam natin na tayo ay likas na makasalanan, ito ay nagdudulot ng takot sa maraming tao sa pag-aakala na ito ang dahilan ng kanilang mga kahirapan bilang parusa ng Diyos. Ngunit kadalasan, hindi naman ito totoo. Kung ganoon, bakit tayo nakakaranas ng ganitong kalalang mga sakit?

Sa Genesis, ang unang aklat sa Biblia, ay sinabi sa atin na nilikha ng Diyos si Adan at si Eba upang mabuhay magpakailanman, subalit sila ay nagkasala dahil sa pagsuway sa utos ng Diyos na huwag kainin ang bunga ng isang punong kahoy. Dahil sa kanilang kasalanan, isinumpa ang lahat ng tao (Genesis 3:1-19). Ang kasalanan nila ay namana ng sangkatauhan. Gaya ng ating mga magulang, tayo ay isinilang na isang makasalanan. Ang mga sakit at kamatayan ay HINDI bahagi ng orihinal na plano ng Diyos para sa mga tao.

Ngunit ngayon, ang bunga ng unang kasalanan ay inaani ng lahat ng tao na ipinanganak sa pamilya ni Adan—ang ilang uri ng sakit na humahantong sa kamatayan. Ang pisikal na pagkakasakit ay resulta ng pagkakasala nina Adan at Eba. Kinalaunan, ibinigay ng Diyos ang Sampung Utos upang malaman natin kung ano ang kasalanan. Lahat tayo ay nagmana ng makasalanang laman mula kay Adan at Eba, samakatuwid walang sinuman ang nakasunod ng lubos sa Sampung Utos. Kahit nagsusumikap tayo na maging mabuti, nagkakasala pa rin tayo araw-araw sa isip, sa salita, at sa gawa at palaging bigong maabot ang perpektong pamantayan ng Diyos. Hinuhusgahan natin na masasama ang mga mamamatay-tao at terorista, ngunit isang kasalanan lang ang kailangan upang tayo ay maging makasalanan. Samakatuwid, ayon sa Biblia, ang tingin ng Diyos sa iyo, sa akin, at sa bawat tao sa mundo ay isang makasalanan.

> Ito ay ayon sa nasusulat: Walang sinumang matuwid, wala kahit isa. (Roma 3:10)

> Ito ay sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:23)

May pagkakataon sa ating buhay na bawat isa sa atin ay nagrebelde laban sa Diyos. Ayaw man nating tanggapin ito, ngunit ito ang katotohanan. Subalit, totoo at lubos na nakagagaan ng kalooban na malaman na ang presensya ng sakit ay hindi makababawas sa dakilang pag-ibig ng Diyos para sa iyo at sa akin, gaya ng ipinakita sa krus ng kalbaryo:

> Ngunit ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin na nang tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin. (Roma 5:8)

Lubos na nauunawaan ng Diyos ang pangangailangan ng iyong katawan at kaluluwa, at totoong minamahal ka Niya. Kaya Niyang pagalingin ang iyong karamdaman, kung ito ay bahagi ng Kanyang pantas at walang hanggang plano sa iyong buhay. Ngunit kung minsan hindi Niya tayo palaging pinapagaling, pero palagi Niyang ninanais ang pinakamabuti para sa atin at ipinangako Niya ang pagkabuhay na muli ng ating katawan balang-araw. Sa ngayon, ang Diyos ay mas

nagmamalasakit sa ating kaluluwa, ang espiritwal na bahagi natin na mabubuhay sa walang hanggan. Sa kamatayan, kung hiwalay sa biyaya ng Diyos, lahat tayo ay ipapahayag na makasalanan, tatanggap ng matuwid na kaparusahan ng Diyos, at mahihiwalay mula sa Kanya tungo sa isang lugar na tinatawag na Impiyerno. Ang biyaya ng Diyos ay ang tanging pag-asa na nakalaan upang maituwid ang ating kalagayan at iligtas ang ating kaluluwa mula sa kapahamakan sa Impiyerno. Dahil ang biyaya ay ang solusyon ng Diyos sa ating kalagayan bilang tao, ating isaalang-alang ang Kanyang sinabi tungkol sa biyaya, na sa wikang Ingles ay G-R-A-C-E, ***G**od's **R**iches **A**t **C**hrist's **E**xpense*.

## HINDI KAYANG BAGUHIN NG CORONAVIRUS ANG BIYAYA NG DIYOS

Malinaw ang sinabi ng Biblia tungkol sa ating makasalanang kondisyon. Kaya, kung tayo ay magiging tapat sa harapan ng Diyos, aaminin natin na nararapat tayo sa matuwid na paghatol ng Diyos sa Impiyerno. Wala Siyang anumang pagkakautang o obligasyon sa atin. Ngunit maraming tao ang sinusubukang maging mabuti upang punan ang kanilang mga pagkukulang dahil sa kasalanan. Nagawa mo na ba ito? Nagawa ko na ito, ngunit hindi ko kailanman natiyak kung sapat na ba ang nagawa kong kabutihan. Ano nga ba ang pamantayan ng "sapat na kabutihan"? Tandaan mo na sinabi ng Biblia na dahil sa ating mga kasalanan, hindi natin makakamit ang pabor ng Diyos o makakaharap sa Kanya sa pamamagitan ng sarili nating kabutihan. Tayong lahat ay marumi sa Kanyang paningin at may bahid ng pagkakasala. Kung hahatulan ng Diyos ang bawat isa dahil sa ating mga kasalanan, tayong lahat ay siguradong mapupunta sa Impiyerno. Alam kong ito ay isang masamang balita, ngunit gusto kong sabihin na mayroon ding mabuting balita ang Diyos para sa iyo.

Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa dahil binigyan tayo ng Diyos Ama ng perpektong solusyon: isinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak na si Jesus upang maging isang tao na walang kasalanan—Siya ay Diyos na nagkatawang tao. Si Jesus ay walang nagawang kasalanan. Samakatuwid, Siya ang natatanging karapat-dapat na mamatay upang akuin ang kaparusahan na nararapat sa

atin dahil tayo ay nagkasala laban sa banal na Diyos. Kusang-loob na pinili ni Jesus na mamatay sa lugar natin bilang ating kapalit. Doon sa krus, isinigaw ni Jesu-Cristo ang mga salitang, "NAGANAP NA" (Juan 19:30) nang bayaran Niya ang *lahat* ng ating mga kasalanan—sa nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap. Isinigaw ni Jesus na "naganap na" dahil wala nang iba pang dapat gawin upang bayaran ang kasalanan. Dahil naganap na ang ating katubusan, nais ng Diyos na tanggapin ng bawat tao ang Kanyang inaalok na Langit bilang isang regalo na WALANG BAYAD.

Maraming tao ang nagsusumikap na bayaran ang pagpunta sa Langit sa pamamagitan ng mabubuting gawa o mga gawaing pang-relihiyon. Sa halip na subukang makamit ang Langit sa pamamagitan ng ating mga gawa, o subukang bayaran ang Diyos upang makapasok sa Langit, o ipagmapuri na tayo ay sapat na mabuti, ang nais ng Diyos ay lumapit tayo kay Jesu-Cristo lamang para sa kapatawaran at magtiwala sa kung ano ang Kanyang ginawa para sa atin. Malinaw na ipinahayag sa Biblia na walang maaaring magmalaki sa Langit.

> Ito ay sapagkat sa biyaya kayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito ay hindi sa inyong sarili, ito ay kaloob ng Diyos. Ito ay hindi dahil sa gawa upang hindi magmalaki ang sinuman. (Efeso 2:8-9)

Ngayon ay inaalok ng Diyos sa iyo ang Langit ng walang bayad dahil sa Kanyang biyaya, kahit ikaw ay hindi karapat-dapat. Ang biyaya ay ang pabor ng Diyos na hindi karapat-dapat kaninuman ngunit bukas palad Niyang ipinagkakaloob sa mga makasalanan na nagnanais tanggapin ang Kanyang regalo na buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Ang pagtanggap sa Kanyang kahanga-hangang biyaya ay nagreresulta sa pang-unawa na ang mga sakit tulad ng coronavirus ay hindi kayang pigilan ang iyong pag-asa ng Langit. Kung ikaw ay nagtiwala sa ginawa ni Jesu-Cristo doon sa krus upang iligtas ka sa kabayaran ng kasalanan at nauunawaan na hindi mo kayang iligtas ang iyong sarili, sa gayon, ang Langit ang iyong walang hanggang tahanan at *walang virus o sakit ang maaaring makapagbago nito*.

# HINDI KAYANG SIRAIN NG CORONAVIRUS ANG MAPAGSAKRIPISYONG PAG-IBIG NG DIYOS

Ngayon, isaalang-alang natin ang kaibahan ng perpektong pag-ibig ng Diyos mula sa "pag-ibig" ng mundong ito. Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi katulad ng isang pakiramdam na dumarating at nawawala, hindi rin ito isang bagay na senswal, at hindi rin tayo karapat-dapat sa pag-ibig na ito. Sa halip, ito ay lubos na mapagsakripisyo at hindi makasarili. Ang pag-ibig ng Diyos sa iyo ay ipinakita Niya sa pamamagitan ng pagbibigay Niya ng Kanyang Anak, si Jesu-Cristo, upang mamatay para sa iyong mga kasalanan. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, hindi Niya tiningnan ang iyong kamalian, kundi tiningnan Niya ang iyong pangangailangan, at ginawa ang lahat ng kinakailangan sa pamamagitan ng pagsugo ng Kanyang Anak upang iligtas ka, anuman ang maging kapalit sa Kanya.

> Ito ay sapagkat sa ganitong paraan inibig ng Diyos ang sanlibutan kaya ipinagkaloob niya ang kanyang bugtong na Anak upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)

Gamitin ang iyong imahinasyon at isipin na ang pag-ibig ng Diyos ay ipinakita Niya sa ganitong paraan. Isipin na mayroon kang kaibigan na sobrang nagmamahal sa iyo at gustong kunin ang lahat ng nakamamatay at nakakahawang virus mula sa iyo at ilagay ito sa kanyang katawan. Ginawa niya ito kahit alam niyang siya ay mamamatay bilang resulta, upang ikaw ay mabuhay at maging malusog na tao. Hindi ba napakaganda nito para sa iyo ngunit malaking sakripisyo para sa kanya? Sa ganito ring paraan, lubos kang minamahal ni Jesu-Cristo kaya kinuha Niya ang lahat ng iyong kasalanan at namatay sa iyong lugar. Namatay Siya bilang iyong kapalit at pinagdusahan ang galit ng Diyos na nararapat sa iyo. Sinabi ng Biblia "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23). Ang "kabayaran" ay isang bagay na nakamit natin. Ang salitang "kamatayan" sa Biblia ay nangangahulugang "pagkakahiwalay". Ayon sa Biblia ang kamatayan ay pagkakahiwalay sa Diyos

patungong Impiyerno. Ang kamatayang ito o pagkakahiwalay ay ang kinakailangang kabayaran para sa ating mga kasalanan. Lahat tayo ay nararapat sa kamatayang ito. Ngunit salamat na lamang si Jesus ay namatay doon sa krus upang bayaran ang kabayaran ng iyong kasalanan. Kahit si Jesus ay walang kasalanan (dahil Siya ay perpekto), ginawa Niya ito para payapain ang katarungan ng Diyos at sa gayon, *mabayaran ang iyong mga kasalanan*. Kaya bilang isang tao na lubos na pinatawad, makapamumuhay ka sa Langit magpakailanman kasama ng Diyos. Tatlong araw pagkatapos na si Jesus ay mamatay, Siya ay nabuhay na muli, pinatunayan na Siya ang Panginoon ng lahat (kahit ng kamatayan!) at ang Kanyang sakripisyo sa krus ay tinanggap ng Diyos bilang sapat na kabayaran ng iyong mga kasalanan. Kaya, bilang buhay at bumangong Tagapagligtas, inaalok ka ni Jesu-Cristo ng walang hanggang kaligtasan bilang isang libreng regalo!

> Ito ay sapagkat ang kabayaran nga ng kasalanan ay kamatayan ngunit ang *walang bayad* na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na ating Panginoon. (Roma 6:23)

Sa katauhan ni Jesu-Cristo, ipinadama ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagbibigay Niya ng solusyon sa iyong pinakamalaking problema—saan mo ilalaan ang iyong walang hanggan? Isang bagay lang ang iyong dapat gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan sa Langit kasama ng Diyos: maniwala ka na si Jesus ay namatay upang bayaran ang lahat ng iyong mga kasalanan at nabuhay na muli upang tiyakin ang iyong walang hanggang kaligtasan dahil sa Kanyang biyaya at hindi sa anumang nagawa mo. Kung hindi mo pa tinatanggap ang napakagandang regalong ito, bakit hindi mo pa gawin ngayon?

## HINDI KAYANG ALISIN NG CORONAVIRUS ANG IYONG TAPANG

Hindi tayo magkakaroon ng tapang na harapin ang kinabukasan kung nagtitiwala tayo sa *mga maling bagay* upang makarating sa Langit: gaya ng pagtitiwala sa ating sarili, relihiyon, bawtismo,

mabubuting gawa, mga sakramento, atbp. Kung aasa tayo sa mga ito para maligtas, tayo ay mabibigo at laging mamumuhay ng may pangamba. Si Jesus ay namatay sa krus upang bayaran ang sapat na kabayaran para sa bawat kasalanan na nagawa na natin at magagawa pa. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang paniniwala kay Jesus ang *tanging daan* patungo sa Langit:

> Sinabi ni Jesus sa kanya: Ako ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Walang sinumang makakapunta sa Ama maliban sa pamamagitan ko. (Juan 14:6)

Hindi tayo dapat umasa sa sinuman o anumang bagay upang tayo ay maligtas: hindi sa iglesia o relihiyon, hindi sa ministro o pari. Ang tanging kailangan natin ay si Jesu-Cristo lamang. Sinasabi ng Biblia na *Siya lamang ang nag-iisang tagapamagitan* sa tao at sa Diyos:

> Ito ay sapagkat may iisang Diyos at iisang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng mga tao. Siya ay ang taong si Cristo Jesus. (1 Timoteo 2:5)

Dahil ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay may sapat na awtoridad, hinihikayat kitang paniwalaan ang mensahe nito—ang mabuting balita tungkol kay Jesu-Cristo—at huwag magtiwala sa mga bagay na hindi mapagkakatiwalaan: gaya ng iyong sarili, iglesia, mga gawang pang-relihiyon, mabubuting gawa, at mga ritwal. Magtiwala sa natatanging mapagkakatiwalaang katotohanan upang ikaw ay maligtas: ang Panginoong Jesu-Cristo.

## HINDI KAYANG AGAWIN NG CORONAVIRUS ANG IYONG KALIGTASAN

Tinitiyak ng Biblia na kung tayo ay nanampalataya kay Jesu-Cristo lamang bilang ating Tagapagligtas, tayo ay may buhay na walang hanggan at ITO AY MAAARI NATING MALAMAN.

> At ito ang patotoo: Binigyan tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan at ang buhay na ito ay nasa kanyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng

> buhay. Siya na hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay. Isinulat ko ang mga bagay na ito sa inyo na sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos upang inyong malaman na kayo ay may buhay na walang hanggan at upang kayo ay sumampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos. (1 Juan 5:11-13)

Umaasa ako na ang bawat nahawaan ng coronavirus ay gumaling; ngunit mananatili pa rin ang katotohanan na tayong lahat ay mamamatay balang araw. Iyon ang dahilan kaya itinuturo ng Diyos sa Biblia ang *katiyakan* ng pagpunta sa Langit upang alisin nito ang anumang alinlangan sa ating puso. Ito ay nararanasan ng mga taong nagtitiwala lamang kay Cristo. Gaya ng kompiyansa ng mang-aawit ng sabihin niya:

> Ang Panginoon ay aking pastol; hindi ako magkukulang; Bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat ikaw ay kasama ko, ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, inaaliw ako ng mga ito. (Mga Awit 23:1, 4)

Kapag ikaw ay nagtiwala na kay Cristo na Siyang magliligtas sa iyo, hindi ka kailanman iiwan o pababayaan ng Diyos, kahit na ikaw ay magkasala man sa hinaharap (Hebreo 13:5). HINDI na babawiin ng Diyos ang regalong buhay na walang hanggan na libre Niyang ibinigay sa iyo. Hindi Niya tatalikuran ang anumang bagay na Kanyang ipinangako sa iyo sapagkat hindi Siya makapagsisinungaling (Tito 1:2). Mapagkakatiwalaan mo si Jesu-Cristo bilang matapat mong kaibigan sa lahat ng panahon at sa bawat pagsubok na iyong haharapin sa buhay, kahit na kung ikaw ay mahawaan ng bagong coronavirus:

> Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig. Kilala ko sila at sumusunod sila sa akin. Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Hindi sila malilipol magpakailanman. Walang sinumang makakaagaw sa kanila sa aking kamay. (Juan 10:27-28)

## HINDI KAYANG ALISIN NG CORONAVIRUS ANG IYONG KAPAYAPAAN

Pagkatapos mong maligtas dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, sa gayon maaari mong mapagtagumpayan ang anumang pagsubok o kahirapan na iyong haharapin sa parehong paraan kung paano ka naligtas—sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Maaari ka ding umasa sa *mahahalagang* pangako ng Diyos sa Biblia. Ang pagtitiwala at pagdepende sa Salita ng Diyos ay magpapalakas sa iyong pananampalataya sa mga mabibigat na suliranin sa iyong buhay. Ang iyong kapayapaan at kompiyansa ay nakasandal kay Jesu-Cristo na siyang tunay at tanging daan patungo sa Diyos, at kahit sa sandaling ito, nais Niyang gabayan ka sa iyong pamumuhay dito sa mundo hanggang sa walang hanggan. Nang baguhin natin ang ating isipan at nagtiwala kay Jesu-Cristo na siyang magliligtas sa atin, tayo ay pumasok sa walang hanggang kapayapaan *kasama* ng Diyos:

> Kaya nga, yamang tayo ay pinaging-matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. (Roma 5:1)

Ang pinawalang-sala ay isang legal na termino na ang ibig sabihin ay idineklarang matuwid sa paningin ng Diyos, bagaman tayo ay nananatili pa ring makasalanan sa ating pamumuhay dito sa mundo. Kapag tayo ay pinawalang-sala (naligtas mula sa kaparusahan ng ating mga kasalanan), nakikita tayo ng Diyos na nasa Kanyang Anak. Hindi na Niya nakikita ang ating mga kasalanan kundi ang katuwiran ni Cristo. Ito ang katayuan ng mga mananampalataya "kay Cristo". Pagkatapos mong manampalataya kay Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas at ikaw ay pinawalang-sala na, ngayon ay nais ng Diyos na lumago ka sa iyong relasyon sa Kanya. Nais Niya na lumakad ka sa pananampalataya at pagtiwalaan Siya sa lahat ng mga pangyayari sa iyong buhay.

Sa panahong ito ng *pandemic*, nais ng Diyos na magtiwala ka sa Kanya, lumago sa iyong relasyon sa Kanya, at tamasain mo

ang Kanyang kapayapaan. Oo, hindi natin ito pangkaraniwang ginagawa, ngunit nais ng Diyos na lubos tayong dumepende sa Kanya at ipanalangin ang lahat ng ating mga pangangailangan. Sa kasalukuyang problema na kinakaharap ng mundo, tandaan na hinihikayat ka ng Diyos na gawin ito:

> Ilagak ninyo sa kanya ang lahat ninyong kabalisahan sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo. (1 Pedro 5:7)

Nakakaramdam ka ba ng pagkabalisa? Sa gayon, isa-puso mo ang tiyak na pangakong ito ng Diyos mula sa Biblia:

> Huwag kayong mabalisa patungkol sa anumang bagay. Sa halip, ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos na may pasasalamat sa pamamagitan ng panalangin at ng panalanging may paghiling. At ang kapayapaang mula sa Diyos, na higit sa anumang pang-unawa, ang siyang mag-iingat sa inyong mga puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus. (Filipos 4:6-7)

Ang iyong kapayapaan *sa* Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay hindi kayang sirain ng COVID-19 at bilang mananampalataya hindi rin nito kayang alisin sa iyo ang kapayapaan *ng* Diyos. Maaari nating maranasan ang espiritwal na kapahingahan ng ating kaluluwa na ipinagkaloob ng Diyos at ang Kanyang kapayapaan na hindi kayang abutin ng ating pang-unawa kapag tayo ay umasa sa Kanyang mahalagang mga pangako para sa atin.

## HINDI KAYANG BAGUHIN NG CORONAVIRUS ANG IYONG WALANG HANGGANG KAHIHINATNAN (PROGNOSIS)

Bagama't hindi mabuti ang mga balita ngayon tungkol sa isang *global pandemic*, may mabuting balita naman ang Diyos para sa iyo mula sa Kanyang Banal na Salita. Ipinangako Niya na tiyak at sigurado ang buhay na walang hanggan kung nagtiwala ka na kay Jesu-Cristo para sa iyong kaligtasan. Hindi mo na kailangang mangako sa Diyos na ikaw ay magsusumikap na maging mabuting tao at gagawin ang lahat ng iyong makakaya, sapagkat ang pagtanggap ng Diyos ay hindi

base sa kung sino ka man, kundi dahil lamang sa Kanyang biyaya. Sa sandali na ikaw ay magtiwala sa Kanyang Anak na namatay at nabuhay na muli para sa iyong mga kasalanan, ikaw ay tatanggapin ng Diyos. Kung ikaw ay isang pasyente sa ICU na nasa bingit ng kamatayan at nadiskubre ng mga *scientist* ang gamot na siguradong makapagpapagaling sa iyo, hindi mo ba tatanggapin ang gamot na iyon? Ang Langit na inaalok ng Diyos ay inilaan para sa lahat ng magtitiwala kay Jesu-Cristo upang maligtas. Maaaring baguhin ninuman ang kanyang walang hanggang kahihinatnan. Lahat ng nagtiwala kay Jesu-Cristo lamang ang makatitiyak ng lubos na kaligtasan sa kanilang espiritwal na kalagayan. Sila ay mayroong walang hanggang katiyakan. Sinigurado ng Diyos na hindi na sila magdudusa ng walang hanggang kaparusahan sa Impiyerno. Maaari natin itong matiyak dahil paulit-ulit na ipinangako ng Biblia ang walang hanggang katiyakan para sa bawat mananampalataya:

> Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo: Ang dumirinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Siya ay hindi na hahatulan kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa buhay. (Juan 5:24)

> Ito ay sapagkat nakakatiyak ako na walang makapag-hihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos. Hindi ang kamatayan, o buhay, o mga anghel, o mga pamunuan, o mga kapangyarihan, o mga bagay sa kasalukuyan o mga bagay na darating. Hindi ang matataas na bagay, o mga kalaliman o kahit anumang bagay na nilikha. Walang anumang makapag-hihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na na kay Cristo Jesus na ating Panginoon. (Roma 8:38-39)

> Isinulat ko ang mga bagay na ito sa inyo na sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos upang inyong malaman na kayo ay may buhay na walang hanggan at upang kayo ay sumampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos. (1 Juan 5:13)

Kung ang kaligtasan ay dahil sa biyaya ng Diyos at sa una pa lang ay hindi ka karapat-dapat dito at hindi mo ito mapaghihirapan, sa gayon hindi mo ito maiwawala kung ikaw ay magkakasala. Sa oras na ikaw ay magtiwala kay Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, mananahan sa iyo ang Banal na Espiritu na siyang nagtatak sa iyo kay Jesu-Cristo bilang Anak ng Diyos. Ang tatak ng Espiritu ang katiyakan na hindi mo na maiwawala ang regalo na buhay na walang hanggan. Gayundin naman, sa pagkabuhay na muli, ikaw ay pagkakalooban ng maluwalhating katawan na hindi na mamamatay o magkakasakit (gaya ng COVID-19) magpakailanman!

> Sumampalataya rin kayo kay Cristo, pagkarinig ninyo ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan. Sa kanya rin naman, pagkatapos ninyong sumampalataya, ay tinatakan kayo ng Banal na Espiritu na ipinangako. Ang Banal na Espiritu ang katiyakan ng ating mana, hanggang sa pagtubos ng biniling pag-aari para sa kapurihan ng kanyang kaluwalhatian. (Efeso 1:13-14)

Tinitiyak ng Banal na Espiritu na hindi ka na mapupunta sa Impiyerno kapag ikaw ay nagtiwala na kay Cristo para sa kaligtasan. Ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng ating mabubuting gawa, kundi ito ay dahil lamang sa kahanga-hangang biyaya ng Diyos! Ang katuruan tungkol sa biyaya ay salungat sa mga personal na opinyon, pilosopiya, at pangkaraniwang sinasabi ng tao. Ngunit ang biyaya ay talagang totoo. Ito ay katuruan mula sa Biblia na isinulat ng Diyos na hindi makapagsisinungaling. Sumasang-ayon *ka* ba sa Diyos na *ikaw* ay isang makasalanan at ang talagang kailangan *mo* ay ang regalo ng kaligtasan? Ang kaligtasang ito ay isang napakasimpleng solusyon na ibinigay ng Diyos, ngunit kailangan mong tanggapin ang regalo ng kaligtasan na inaalok ni Jesus. Wala kang naging bahagi dito, ngunit napakalaki ng naging kapalit nito sa panig ng Diyos—ang buhay ng Kanyang Anak.

Kung ikaw ay nanampalataya na kay Cristo at tinanggap ang regalo ng kaligtasan, sa gayon maaari mo ng maranasan ang kapayapaan at espiritwal na kalakasan na ipinagkakaloob ng Diyos upang harapin ang pagsubok na ito.

> Sinabi niya sa akin: Sapat sa iyo ang aking biyaya dahil ang aking kapangyarihan ay nalulubos sa kahinaan. Kaya nga, lalo akong magmamapuri sa aking kahinaan upang manahan sa akin ang kapangyarihan ni Cristo. (2 Corinto 12:9)

> Kapag ikaw ay nagtiwala kay Cristo, ikaw ay kabilang na sa pamilya ng Diyos magpakailanman (Galacia 3:26) at ikaw ay tinatakan ng Banal na Espiritu bilang katiyakan ng iyong kaligtasan at maluwalhating pagkabuhay na muli. (Efeso 1:13-14)

Ipinangako ng Diyos na ang Kanyang kalakasan at biyaya ay palaging sapat kung ikaw ay sasandal sa Kanya ng may pananampalataya (Mateo 11:28-30). Ang ipagkatiwala ang iyong kalusugan kay Jesus ay magiging daan upang maranasan mo ang perpektong kapayapaan ng Diyos (Isaias 26:3-4). Nalalaman at nauunawaan ni Jesu-Cristo ang iyong mga takot, at nararamdaman Niya ang iyong pasakit dahil nakaranas din Siya ng matinding pasakit upang iligtas ka (Hebreo 4:15). Maaari kang magtiwala at umasa sa Kanya. Hindi Niya babawiin ang Kanyang mga pangako para sa iyo. Mahal kong kaibigan, kung hindi mo pa sigurado na ikaw ay pupunta sa Langit, nakikiusap ako sa iyo na basahin mong muli ang aklat na ito hanggang ikaw ay makatiyak na ikaw ay ligtas na. Saan ka pupunta kapag binawian ka ng buhay? Ano ang iyong magiging walang hanggang kapalaran? Nais ng Diyos na makatiyak ka ngayon na ikaw ay pupunta sa Langit! "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesu-Cristo at maliligtas ka" (Gawa 16:31).

## Tungkol sa may akda

Si Debbie Fetter ay isang mananampalataya kay Jesu-Cristo na kasalukuyang dumadalo sa Bear Creek Bible Church sa Keller, Texas.